ANG KRISTO AY NAGBABALIK – NAGHAHAYAG NG KANIYANG KATOTOHANAN

PAUNANG SALITA

Una, gusto kong magpaliwanag kung bakit ginamit ko ang titulong tagapagtala sa halip na ang tunay kong pangalan.

Walang kahit pinakamaliit na pag-aalinlangan sa aking isipan, habang isinusulat ang mga liham na ito, na ang mga ito ay nagmula sa Kristo. Aking isinalarawan ang aking mga dahilan kung bakit ako ay nakatitiyak dito, sa aking maikling talambuhay.

Sa panahon ng pagsusulat ng mga liham, ako ay may kaliwanagang sinabihan na iwanan ang aking sarili na labas sa larawan na ang mga liham ni Kristo ay dapat tumayo sa sarili nitong kabuuan. Ang mga tao ay dapat na magpasya para sa kanilang mga sarili kung ang mga Liham na ito ay totoo. Maaari ring naramdaman ng mga tao na ang mga ito ay huwad. Aking isinulat kung ano ang aking natanggap, aking susubukan na ilabas ang mga ito para sa pagsusuri ng publiko, at anuman ang nangyari pagkatapos noon ay ganap na sa pagitan ng mambabasa ng mga liham at ng Kristong Kamalayan.

Si Kristo ay nangako sa mga liham na ang mga ito ay huhubog ng pagkakadugtong sa pagitan ng sa Mambabasang isipan at sa isipan Niya at ang tulong ay ibibigay sa pagkaunawa sa malalim na kahulugang natatago sa likod ng mga salita.

Maraming mga tao ang nag-ulat na nakaranas ng ugnayang iyon. Maraming mga tao ang nakababatid sa pagdaloy ng pananaw.

Samakatuwid, ang pangalan ng sekretarya ay hindi mahalaga sa transaksyong pangkalakalan. Ang aking pangalan at pagkakakilanlan ay hindi rin mahalaga. Ang mahalaga ay kung ang mambabasa ay makararamdam na ito ay ang tunay na Kristo na tumaas sa ispiritwal na kamalayan sa mga pinaka-agusan ng pagkakapantay-pantay habang pinananatili pa rin ang pagka-indibidwal sa pakikipag-ugnay sa mundo ng indibidwalidad.

Pangalawa, mayroong paghahati ng opinyon tungkol sa minsan ay kakaibang pagbabalangkas ng mga liham.

Gusto kong ipaliwanag na kapag si Kristo ay nagtatak sa aking isipan ng mga salita o larawan, na kinakailangan para sa akin na bumuo kung ano ang nakita ko sa mga salita, akin ding naramdaman ang mga emosyon (sa tiyak na bahagdan) na naramdaman ni Kristo noong pinagdadaanan ang mga kaganapang isinasalarawan Niya sa panahon ngayon. Sa pamamagitan ng pagbabang pabalik-tungo sa mga baybrasyon, si Kristo ay pumasok tungo sa mga panahong iyon, at nagpaabot sa mga ito sa pamamagitan ng aking isipan. Walang paraan na ang mga liham ay maisulat sa payak na titik o sa pag-gamit lamang ng nakahilig. Madalas, kapag ang bagong kahanga-hangang pananaw ay nailagay sa pamamagitan ng aking isipan, ako ay nagtatanong “Paano ko ito maisasakatuparan?” Inyong malalaman kung ano ang ibig kong sabihin habang binabasa ninyo ang mga liham.

At kaya, upang ipakita na may mga makapangyarihang mga pangungusap na dumating mula kay Kristo papunta sa akin, ako ay gumamit ng mga nakahilig, makapal na pagkakasulat at mga malalaking titik. Ang mga tao ay nagreklamo na ito ay hindi ang pangkaraniwang pagbabalangkas na nakaaapekto sa daloy ng pagbabasa. Ngunit ito lamang ang punto: ang mga liham na ito ay hindi pinakahulugan para basahin; ang mga ito ay upang pagmuni-munian at ito ay nangangahulugan na kayo ay dapat tumigil sa mga salita na nakatitik na humahawak sa daloy ng mga salita at mag-isip kung ano ang sinusubukan ng mga salita na iparating sa inyo. Dapat ninyong tandaan na sa lahat ng mga oras na kapag si Kristo ay sumusubok na maabot ang inyong pantaong katalinuhan, Siya ay nag-uugnay ng katotohanan na kung alin ay pumupuntang malayong lampas sa inyong sariling karanasan sa buhay sa mundong ito. Kailangan ninyong maabot tungo sa walang hanggang dimensyon upang masubukan na maunawaan kung ano ang nasabi sa inyo. At kaya, kapag kayo ay kumunsumo ng kalahating oras sa pagmumuni-muni sa talatang may kakaibang pagkakabalangkas, ito ay kalahating oras na maayos na nagugol. Kung dahan-dahan, ang inyong isipan ay nagbubukas sa mga bagong posibilidad na lampas sa inyong pangkasalukuyang pag-iisip. Habang naabot ninyo ang kamalayan tungo kay Kristong Kamalayan, na humihiling para sa Kaliwanagan, ito ay may katiyakang ibibigay sa inyo. Hindi kinakailangan na sa sandaling iyon ngunit marahil, kapag hindi ninyo gaanong inaasahan ito, ang sagot ay darating na sumisinag sa inyong isipan at inyong malalaman iyon – “Oo, ito nga ay ito! Ito ang tunay na sagot!”

ANG KRISTO AY NAGBABALIK UPANG MAGPAHAYAG NG KANIYANG KATOTOHANAN

Panimula

Sinasabi niya:

“Ako ay dumating upang iwasto ang mga maling interpretasyon
na nailagay sa mga turo na naibigay noong kilala
bilang ‘HESUS’ sa Palestina, dalawang libong taon na ang nakararaan.”

Siya rin ay nagsasabi:

“Dahil ang mga tao ay nasa bingit ng malawakang krisis, ito ay mahalagang mapagtagumpayan, kung kaya **Ako, ang Kristo**, ay dapat na umabot sa lahat na makikinig. Kakaunti ang inyong nalalaman sa tunay na mga proseso ng paglikha na kayo, ang inyong mga sarili, ay gumaganap ng malaking papel. Ito ay kinakailangan ninyong maunawaan nang may kasapatan upang magkaroon kayo ng kakayahan na tumungo sa pagsasakatuparan ng mas mataas na pananaw para sa sangkatauhan.”

“Ito ay hindi posible para sa aking ispiritwal na kamalayan upang kumuha ng pantaong anyo; upang makapangusap ako nang tuwiran sa inyo, aking inalisan ng programa at inihanda ang nakatatanggap, masunuring isip upang tumanggap ng aking Katotohanan at buuin ito sa mga salita. Siya ay ang aking ‘tagapagtala.’”

Tagapagtala: Bago magbasa ng mga **Liham ng Kristo**, maaaring gusto ninyong malaman kung paano ang ispiritwal na pagsasanay ng paglipat ng kamalayan ay nakamtan.

Ang gawain ng paghahanda sa akin upang maging ang tagapagtala ni Kristo ay nagsimula apatnapung taon na ang nakalilipas, noong bilang isang matapat na Kristiyano, ay nakararanas ng mga kahirapan bilang magsasaka, at humihingi kay Kristo ng tulong, ang hindi inaasahang makapangyarihang sagot ay nagdulot sa akin upang muling suriin at iwaksi ang lahat ng panrelihiyong dogma. Ang kaliwanagan ay sumunod at may kalinawan na gumabay sa akin tungo sa bagong mga direksyon ng gawain at pag-aaral, ako ay nakapagtayo ng negosyo na nauukol sa mga tao, kung alin ay nagbunga. Sa loob ng pitong taon ako ay nagalak sa tagumpay at sobrang kaligayahan. Upang lumago sa ispiritwal na pagkakaunawa, ako ay dumanas ng samut-saring masasakit na mga karanasan at pagkatapos ng lubhang mga pagdurusa, may kasakitan at buong pagtanggap kong natutunan ang mga leksiyon ng mga ito pagkatapos ay nilampasan sa paraang ispiritwal.

Isang gabi, bilang tugon sa panalangin para sa pag-gabay, ang presensiya ng Kristo ay naging katunayan, na nagbigay sa akin ng hindi mapagkakailang pruweba ng kaniyang pagkakakilanlan. Siya ay nangusap sa akin sa loob ng isang oras, nagpapadala ng malalakas na alon ng Kosmikong Pag-ibig sa buo kong katawan at nagbigay sa akin ng maikling pagsasalarawan sa kung ano ang ituturo sa akin at sa dakong huli ay makakamtan. Dalawang linggo pagkatapos, ginabayan Niya ako sa pamamagitan ng may kamalayang Pakikiisa sa ‘Diyos.’ Ako ay naging manggagamot at kasangkapan sa ilang mga dagliang pagpapagaling.

Mula 1966-1978, sa mahalagang mga punto ng aking buhay, bilang tugon sa mga pagtatanong, tinuruan ako ni Kristo sa ispiritwal – pangsiyensiyang mga prinsipyo na ngayon ay naipaliwanag ni Kristo sa kaniyang mga **Liham**. Noong 1975, ako ay nakaranas ng gabi ng mga pangitain na nagsasalarawan ng mga pangyayari sa pagitan ng 1983-1994, na lahat ay naging totoo. Ako ay muling sinabihan na mayroong gawain para sa akin upang tuparin sa hinaharap.

Sa katapusan, pagkatapos ng marami at iba't ibang mga nagbabagong kaganapan na laging napapagaan ng aking malakas na ugnayan kay Kristo at sa aking lumalalim na pagkaunawa at personal na karanasan ng 'Unang Dahilan,' ako ay nadala sa aking pangkasalukuyang tahanan. Dito, ako ay nabuhay na kadalasan ay nag-iisa sa nakalipas na dalawampung taon, may mga panahon na nasa malinaw at malapit na pakikipag-ugnay kay Kristo at mayroong mga panahon na naiwan upang palakasin ang aking paniniwala at tiyaga sa mga panahon ng ispiritwal na katuyuan. Sa nakalipas na apat na taon, ako ay nagabayan sa pamamagitan ng mental at emosyonal na paglilinis, naabot ang aking layunin ng perpektong panloob na kapayapaan at ligaya.

Inilagay ako **ni Kristo** sa dahan-dahan ngunit napakaliwanag na proseso ng muling pagpipino. Noong may kaperpektuhang wala na ang sarili, nahuhubog at nakatatangap - ang Tinig ay nagsimula ng pagdidikta nito at ang mga Liham ay nagsimulang magkaroon ng anyo. **Ang mga Liham na ito ay buong ginawa ni Kristo**. Wala sa mga ito ang kinuha mula sa ibang panitikan, bagaman at noong nakalipas na mga taon, may mga tiyak na manunulat na may kaliwanagan na kumuha ng karamihan sa kanilang sariling inspiradong pananaw mula kay Kristong buhay na pagsinag ng Katotohanan. Lahat ng mga nasa harmoniya kasama ng kaniyang Kamalayan ay may kadakilaang pinagpala. Ako lamang ay 'Tagapagtala'- walang higit pa.

ANG KRISTO AY NAGHAHAYAG NG KANIYANG KATOTOHANAN

Mga Nilalaman

Liham 1. Ang Kristo ay naghahayag ng Kaniyang dahilan sa pagbabalik upang idikta ang mga Liham na ito. Nagsasabi na ang sangkatauhan ang nagdadala ng kanilang sariling pagdurusa sa pamamagitan ng kanilang mga pag-iisip at mga gawain. Ipinaliliwanag kung bakit ang kaniyang tunay na misyon sa lupa ay hindi naitala nang maayos. Isinasaad na walang bagay gaya ng 'kasalanan laban sa Diyos' ni hindi rin nauunawaan ang ating tunay na pinagmulan ng pagiging lalang. Isinasalarawan ang Kaniyang anim na linggo sa disyerto at kung ano talaga ang tunay na nangyari - ano ang Kaniyang natutunan at kung paano ang karununggan ay nakapagpabago sa Kaniya mula sa pagiging rebelde tungo sa pagiging guro at manggagamot.

Liham 2. Pagpapatuloy ng kuwento ng buhay niya sa lupa, ang Kaniyang pagbabalik sa Kaniyang ina sa Nazareth at ang pagtanggap. Ang Kaniyang unang pampublikong pagpapagaling at ang malawakang pagtugon. Ang pagpili ng mga alagad, Ang Kaniyang tunay na mga turo.

Liham 3. Ipinagpapatuloy ang mga kaganapan ng buhay, mga turo, ang Kaniyang pagkakaalam na ang Kaniyang oras sa lupa ay maikling mapuputol sa pamamagitan ng pagkakapako sa krus. Ang mga bagay na ginawa Niya na nakakanti sa galit ng mga punong relihiyosong Hudyo. Ano ba talaga ang nangyari at nasabi sa 'Huling Hapunan,' ang mga asal ng mga alagad, at ang katotohanan tungkol sa Kaniyang 'pagtaas'?

Liham 4. Pinagsama-sama **ng Kristo** ang mga hibla ng Kaniyang mga aral sa Palestina at sinasabi na siya at si Muhammad, si Buddha at lahat ng ibang mga guro ay nagpatuloy upang ispiritwal na malinang hanggang sa silang lahat ay tumaas patungo sa **KRISTONG KAMALAYAN**. Nangungusap si Kristo ng tungkol sa katotohanan ng sekswal na pakikipagrelasyon, sinasabi na ang pag-uugali sa pagitan ng mga lalaki at mga babae sa katapusan ay magbabago. Ang ispiritwal na paglago ay mangyayari at ang mga sanggol na mayroong bagong ispiritwal na potensiyal ay isisilang.

Liham 5 at 6. Ang Kristo ay nagsisimulang magpaliwanag sa tunay na mga proseso ng paglikha. Siya ay nagpapahayag ng kung ano ang pinaniwalaan ng siyensiya at ng mga doktrinang panrelihiyon, hindi Niya tinatanggap ang mga iyon at nagbibigay kahulugan sa **KATOTOHANAN ng PAGIGING NARIRITO**. Siya ay nagbibigay ng detalye sa katotohanan tungkol sa pantaong ego, ang mga paraan ng panlupang pagkaindibidwal at samakatuwid ay kinakailangan, ngunit pinagmumulan din ng lahat ng pagdurusa.

Liham 7. Ang Kristo ay nagsasalarawan ng katotohanan patungkol sa akto ng pagsisiping – ano talaga ang nangyayari sa paraang ispiritwal at pisikal? Paano ang mga sanggol ay isinilang sa iba't ibang mga antas ng kamalayan. Siya ay nagpapaliwanag ng katayuan ng mga lalaki at mga babae sa mundong kaayusan.

Liham 8. Ang Kristo ay nagpapaliwanag ng katunayan ng mga lalaki at mga babae, paano mabuhay sa loob ng mga BATAS ng PAGIGING NARIRITO at dumating tungo sa estado ng maharmoniyang pinagpalang antas ng pagiging lalang sa kung sa alin ang lahat ng mga bagay ay may kasaganahang naipagkakaloob, ang kalusugan ay muling napapanumbalik, at ang ligaya ay nagiging isang likas na estado ng pag-iisip. Bawat indibidwal ay maaaring makaabot sa panloob na antas na ito ng pagkapinagpala, at pagkatapos ang kapayapaan ay magiging panuntunan.

Liham 9. Pinagsasama-sama **ng Kristo** ang mga bukas na mga hulihan ng Kaniyang ibang mga **Liham** at nagsasabi sa mga tao nang may kapayakan kung paano mapagtatagumpayan ang ego, kung paano makakukuha ng tunay na pagpapahalaga sa sarili at makararanas ng galak ng perpektong panloob na kapayapaan. Siya ay bumabanggit tungkol sa rasismo at ang personal na mensahe ng pagpapalakas ng loob at pagmamahal sa lahat na nahalina ng Kaniyang mga **Liham**.